# Vilmanians at Sharonians

# NAGSAMA

## sa People Power Coalition (PPC)



# NAGKAISA!

**Nagsanib ang Star for All Seasons at ang Megastar para makihalo sa May 14 election**

Para makuha ng PPC ang 13-0!




# Nagsama si President Cory at si President Gloria




**MAHALAGA** ang pakikinig sa mamamayan. Totoong wala namang ginawang masama sa akin si Erap. Pero, palagay ko, wala rin siyang ginawang mainam para sa mahirap. Kung isa kang artista, mahirap pumapel sa pulitika. Kasi, baka akalain ng tao, nag-aartista ka lang, e, buhay nila ang nakataya. Kaya kailangang magpakatotoo. Papaano malalaman kung nagpapakatotoo ang isang kandidato?
-Hindi nasusuhulan
-Mapagkakatiwalaan
-May takot sa Diyos
Magaling mamahala. Sa madaling sabi, all of the above. Yan ang mga katangian ni **Ralph**, ang aking esposo. Kaya,
SIGURADO tayo kay **RECTO** sa SENADO.



**MATALINO NA** ang mga botante ngayon. Kahit popular ka, kung hindi ka naman credible, talo. Isang malaking karangalan ang mapabilang sa PPC. Dahil may moral victory ito. May mandate ang koalisyon mula sa EDSA.
Kaya ang mga kandidato ng PPC, dapat maging karapatdapat sa mandate ng taumbayan, lalo na ng kabataan. Diyan si Kiko maaasahan.
Si **KIKO PANGILINAN** ang BOSES NG KABATAAN sa pamahalaan. Tapat, mahusay, matatag, mapagkakatiwalaan.
Mapapatunayan lamang ng PPC ang hamon ng EDSA kung pagbibigyan natin sila sa darating na halalan.

**MARENG WINNIE MONSOD** po ang inyong lingkod. Ekonomista, kolumnista, debatista, at no way na oportunista. Kasi ba naman, ngayon ko pa naisipang tumakbo sa Senado kung kailan di na COMELEC chair ang mister kong si Christian.



**LIWAY VINZONS CHATO** po. Tandaan, si Miss Taxma’am. Outstanding Filipino Woman, ipaglalaban kapwa ang kababaihan at kalalakihan dahil naniniwala ako sa matatag na pamilya.



**OBET PAGDANGANAN** po ang pangalan, anak ng Bulacan, at Pampanga, manugang ng Quezon, pinsan ng Panay, kabalikat ng kooperatiba. O-onsehan, B-awat E-leksiyon, T-utulan.




Dahil FLAVIER of the month tayo all year round, di tayo John Doe pero, let's DOH it again wid JOHNNY FLAVIER sa SENADO.
MALINIS na tao, may paninindigan at prinsipyo, kay FRANK DRILON, nakatitiyak tayo ng may integridad na SENADO.
SPEAKER, IMPEACHER! Laking Tondo at tubong Bisaya, nagpatayo ng 100,000 pabahay para sa masa. MANNY VILLAR, laging handang tumulong sa kapwa.
Si Boy HERRERA, kalaban ng DROGA, may pag-asa ang bayan na maging mapayapa. Lider manggagawa, sandigan ng maralita.


**TAÑADA** TAYO. Tapat sa tao at sa bayan, laging handang lumaban sa katiwalian. Kung wala si **Tañada**, hindi kumpleto ang Senado, di makokontento ang tao.
"Benjamin op da haws" daw ako, pero ang totoo, hinirang akong INTERNET MAN OF THE YEAR, tulad ni Papa, **MAGSAYSAY** IS MY GUY pa rin, lalo na ngayon, information tech age na.
Ang orig na ESKAPO man, si **SERGE OSMENA**, kailangan po ninyo, para alisin ang lason na iniwan ng kano sa Clark at Olongapo.
Hindi ito BIRO, Si **JOKER ARROYO,** ang prosecutor ng tao, tiyak na panalo ang lahat ng kaso.
**Silang lahat ay mapagkakatiwalaan, may takot sa Diyos, at hindi masusuhulan.**

## photos of GMA, Sharon and Vi

